FEBRUARY 2023 ISSUE

ISSUE 4

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## AAni ng Pagmamahal sa Imus ngayong Buwan ng mga Puso



IMUS, Cavite — Isang gabing nabalot ng hiyawan at kantahan ang Imus, kung saan napuno ng ngiti ang mga labi at galak ang mga puso ng mga taong nag-iibigan, programang nagpatunay na sa Imus, AAni ng Pagmamahal.

**TOURISM**
| Page 2
* AAni ng Pagmamahal sa Imus ngayong Buwan ng mga Puso

**AWARDS & RECOGNITION**
| Page 3
* Imus, kinilala sa Sulong CaLaBaRZon, Sulo ng Kalusugan
* Imus, 2022 Good Financial Housekeeping Passer

**SOCIAL WELFARE**
| Page 4
* Mayor AA at Sen. Bong Go, ininspeksyon ang itinatayong Super Health Center
* 17 bagong service vehicles ng Pamahalaang Lungsod ng Imus

**TOURISM**
| Page 5 - 6
* National Arts Month 2023: AAni ng Pagmamahal sa Imus
* IMUSiklitsa 2023: Bike Ko, Date Ko

**SOCIAL WELFARE**
| Page 7
* Libreng legal advice at late birth registration mula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus
* World Read Aloud Day 2023: Ang Sining at Kasanayan ng Pagbabasa nang Malakas







Sa pagmamahal na gustong maipadama sa bawat Imuseño, inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga programang nagpatunay na sa Imus, AAni ng Pagmamahal.

Sa pakikipagtulungan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula sa Imus City Tourism and Development Office (CTDO) at sa Imus City Information Office (CIO), ginanap ang AAni ng Pagmamahal: A Free Valentine Concert nitong Pebrero 10, 2023 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Tampok dito ang sikat na mang-aawit na si Erik Santos, ang indie band na SunKissed Lola, at ang rock band na Silent Sanctuary. Kasama rin sa nangharana sa humigit-kumulang 18,000 katao at 2,300 Facebook live viewers ang ilang mga musikerong Imuseño.

Handog naman ni Mayor AA ang dalawang araw at isang gabing Free Valentine's Day Date sa Solaire Resort and Casino Manila nitong Pebrero 14 sa tatlong pares na nagbahagi ng kanilang nakakakilig at nakaka-inspire na kuwentong pag-ibig.

Sa parehong araw, idinaos ang pinakamalaking Kasalang Imuseño sa pag-iisang dibdib ng 48 magkabiyak kasama sina Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula at Deputy Chaplain Ramil Ilano. Ang bawat pares ay nakatanggap din ng monetary gift, unan, at appliances mula sa Pamahalaang Lungsod.

Natapos man ang Buwan ng Pag-ibig, hindi naman mauubos ang pagmamahal ng mga lingkod bayan para sa Imuseño.



## Imus, kinilala sa Sulong CaLaBaRZon, Sulo ng Kalusugan






LIPA-MALVAR, Batangas — Nag-uwi ng tatlong parangal ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa kauna-unahang "Sulong CaLaBaRZon, Sulo ng Kalusugan: First Integrated Regional Awarding and Recognition" ng Center for Health Development–CaLaBaRZon ng Department of Health nitong Pebrero 14, 2023.

Kabilang sa mga nasabing pagkilala ay ang Third Place City with Highest Booster Dose Vaccination Coverage, Most Supportive Local Government Unit to the Adolescent Health and Development Program, at ang pagkilala sa Imus City Epidemiology and Surveillance Unit (ESU) sa husay na pinatunayan nito sa Field Monitoring and Evaluation for ESUs na isinagawa taong 2022.

Ang tagumpay na ito ay nakamit ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagtutulungan ng City Health Office, Ospital ng Imus, CESU, City Disaster Risk Reduction and Management Office, at iba't ibang vaccination sites sa Imus, kabilang na ang Buhay na Tubig Vaccination Site at ang mobile vaccination team.

## Imus, 2022 Good Financial Housekeeping Passer




IMUS, Cavite — Kinilala ng Department of the Interior and Local Government IV-A ang Pamahalaang Lungsod ng Imus bilang isa sa mga Good Financial Housekeeping Passer para sa taong 2022.

Patunay ito na maayos ang paggamit ng lokal na pamahalaan sa pondo ng bayan na isa rin sa mahahalagang aspeto para makatanggap ng Seal of Good Local Governance (SGLG).

Matatandaan na kamakailan ay kabilang ang lungsod sa 60 siyudad na ginawaran ng SGLG.




## MAYOR AA AT SEN. BONG GO, ININSPEKSYON ANG ITINATAYONG SUPER HEALTH

IMUS, Cavite — Una nang pinuntahan nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Senador Christopher Lawrence “Bong” Go nitong Pebrero 8, 2023 ang itinatayong Super Health Center sa Legian II-C, Brgy. Carsadang Bago I.

Nakatakdang magkaroon ng dental at laboratory services, gayon din ang birthing at isolation facilities sa nasabing Super Health Center.

Nakasama rin sa inspeksyon sina Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula, City Vice Mayor Homer “Saki” Saquilayan, at Punong Barangay Laila Cubillo.

Sa pamamagitan ng pondong ibinigay ng tanggapan ni Sen. Bong Go, mapapalapit na sa mga Imuseño ang mas komprehensibong pasilidad pangmedikal.

Binisita rin ni Sen. Bong Go ang Imus Sports Complex, kung saan nakatanggap ng tulong pinansyal ang 585 benepisyaryo sa pamamagitan ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation ng Department of Social Welfare and Development.

Naniniwala si Mayor AA na sa pagkakaroon ng mabuting samahan sa iba’t ibang tanggapan at opisyal ng gobyerno, marami pang mga programa ang maibababa sa mga Imuseño.




## 17 BAGONG SERVICE VEHICLES NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG IMUS

IMUS, Cavite — Upang mapabuti pa ang pagbibigay-serbisyo ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, 17 karagdagang service vehicles ang binasbasan noong Pebrero 10, 2023 bago opisyal na gamitin ang mga ito.

Nakasama nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at City Vice Mayor Homer “Saki” Saquilayan si Rev. Fr. Benjamin Francisco na nanguna sa pagbabasbas ng 10 dump trucks, dalawang water tankers, tatlong man-lift trucks, at dalawang L200 pick-up trucks.

Hiling ni Mayor AA ang maayos na pangangalaga sa mga bagong pampublikong behikulo ng Imus sapagkat nanggaling sa taong-bayan ang pondo para dito.




## NATIONAL ARTS MONTH 2023: AANI NG PAGMAMAHAL SA IMUS

IMUS CITY PLAZA — Umani ng lubos na pagmamahal ang pagdiriwang ng Buwan ng mga Sining ngayong taon ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na may temang “AAni ng Pagmamahal: Love ARTfair” sa buong buwan ng Pebrero.

Iba’t ibang aktibidad ang inilunsad ng Imus City Tourism and Development Office (CTDO) upang mapatunayan ng mga Imuseño ang kanilang galing sa sining.

Inumpisahan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Love ARTfair noong Pebrero 3, 2023 sa pangunguna nina CTDO Officer-in-charge Dr. Jun Paredes, Committee Chair on Culture and Tourism Konsehal Jelyn Maliksi, Cavite Tourism Officer Rozelle Sangalang, Office of the Vice Mayor’s Supervising Administrative Officer Paeng Alarcon, at Acting City Information Officer Ervin Ace Navarette.

Sa buong Biyernes ng Pebrero, natunghayan ang iba’t ibang talento ng mga artistahing Imuseño sa MagkasintahART tampok ang tanghalan ng mga talentadong Imuseño, at gabi na puno ng mahika at makata sa magic show, scriptwriting at art workshops, storytelling, at open mic sessions.

Natunghayan din sa SineSinta Kita ang pelikulang pinamagatang “Namets!” ni Jay Abello, isa sa mga finalist ng 2008 Cinemalaya Philippine Independent Film Festival na naglarawan sa pagluluto bilang daan patungo sa puso ng isang tao.

Nabigyan naman ng pagkakataon sa TagpuART ang mga alagad ng sining na maipakita ang kanilang mga likha, pati na rin ang mga nais matuto sa pamamagitan ng libreng mentoring. Muli ring binuksan ang Imus City Artist Registry para sa mga Imuseño artist na nais maging bahagi ng opisyal na talaan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga alagad ng sining na maipakilala at mapagkakitaan ang kanilang mga likha sa BazaART.

Samantala, iba’t ibang pagkain at panghimagas ang pinagsalu-saluhan sa Pika-PikART at Uhaw sa PagmamahART.

Bilang pakikiisa naman ng Imus City Public Library, isinalaysay ni Dr. Ester Rosales-Paredes ang “Mang Andoy’s Signs” ni Mailin Paterna, isang istoryang nagbibigay-halaga sa sining ng pagkumbinsi, nitong Pebrero 10 sa programang Kuwentuhan na sa Plaza . . . Mga Bata, Tara na!

Nagsagawa rin ang ilang Imuseño artists ng libreng Basic Art Workshop kasama si Roy Abihay, Scriptwriting at Basic Acting Workshop sa pangunguna ni Dwight Angelo Vito Cruz, at Art Welding Demo ni Richard Buxani.

Hinarana rin ng Nueno Classic Chamber Singers at ni Selwyn Magahis sa kaniyang violin performance ang mga Imuseñong nakibahagi sa pagmamahal sa sining.

Kada taon, pagsapit ng Pebrero ay ipinagdiriwang ang Buwan ng mga Sining alinsunod sa Proklamasyon Blg. 683 taong 1991. Ngayong taon, nakasentro ang selebrasyon sa temang “Ani ng Sining, Bunga ng Galing,” na kumikilala sa galing at determinasyon ng mga alagad ng sining, anumang mga pagsubok ang kanilang harapin.

# IMUSiklitsa 2023: Bike Ko, Date Ko

IMUS BOULEVARD — Inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang kauna-unahang ligtas na karera para sa mga siklista, o a safe criterium race, sa Imus na pinamagatang "IMUSiklista 2023: Bike Ko, Date Ko" nitong Pebrero 12, 2023, sa pagtutulungan ng Imus City Tourism and Development Office, Imus City Sports Development Unit, at CDS Offroad Playground.

Bukod sa layuning mahikayat ang mga Imuseño na pangalagaan ang kanilang kalusugan sa pamamagitan ng pagbibisikleta, nanawagan din si City Administrator Hertito Monzon na maging kaisa ang cycling groups at mga indibidwal sa pagsulong ng isang ligal at ligtas na karera sa pamamagitan ng pagkuha ng kaukulang permit.

Bahagi rin ng IMUSiklista 2023 ang 85 taong gulang at pinakamatandang kalahok na si Mr. Cecilio Borja na nakatanggap din ng Sertipikasyon ng Pagkilala, at ginawaran ng isang espesyal na parangal bilang pagbibigay-pugay sa kaniyang ilang dekadang pagtataguyod sa pagbibisikleta bilang isang sport at uri ng ehersisyo.

Sa panayam kay Mr. Borja, inihayag niya na hindi man madali ang pagbibisikleta, isa naman ito sa mga susi para mapanatili ang malusog niyang pangangatawan.

Ang naturang criterium race ay nahati sa dalawang race loops – ang MTB Loop na mayroong 1.45 km per loop at ang Road Bike Loop na mayroong 3.28 km per loop.

Naging bahagi rin ng aktibidad ang Team Quintia na nagsilbing race director, si Mr. Ger Victor bilang race host, at 15 sponsors na naghatid ng mga papremyo at freebies sa mga kalahok.

Sa matagumpay na pagtatapos ng kauna-unahang IMUSiklista, naniniwala ang Pamahalaang Lungsod ng Imus na mahihikayat pa ang mga Imuseño na maging kaisa sa pagsusulong ng ligtas na karera para sa mga siklista.





# Libreng legal advice at late birth registration mula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus



IMUS, Cavite — Sa pagtutulungan ng tanggapan ni Konsehal Atty. Wency Lara, ng Imus City Legal Office, at ng Imus City Civil Registrar's Office, inilapit ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang libreng legal advice at ang aplikasyon para sa late birth registration noong Pebrero 9 sa Greengate Homes, Brgy. Malagasang II-A, at nitong Pebrero 24, 2023 sa Sarreal Village, Brgy. Bucandala II.

Upang makatanggap ng libreng legal advice, kailangan lamang dalhin ang mga dokumento na may kaugnayan sa nais ipakonsulta sa legal officers.

Para naman sa mga nais magpasa ng aplikasyon para sa late birth registration, kailangang ihanda ang mga dokumento tulad ng negative result mula sa Philippine Statistics Authority, Baptismal Certificate, Barangay Certification, medical records, Affidavit of Two Witnesses, Marriage Contract ng mga magulang (kung mayroon), cedula ng mga magulang sa taong 2023, Voter's Affidavit ng aplikante (kung mayroon), school record o Form 137, at Affidavit para sa mga ipinanganak sa ibang bayan o lungsod.

Sinimulang ihatid sa 97 barangay sa Imus ng Legal Office at ng Civil Registrar's Office ang mga naturang serbisyo noong Enero 2023.

Patuloy naman ang pag-iikot ng Pamahalaang Lungsod sa iba pang mga barangay upang matugunan ang pangangailangang konsultasyong legal at pagpaparehistro ng publiko.

## World Read Aloud Day 2023: Ang Sining at Kasanayan ng Pagbabasa nang Malakas

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng World Read Aloud Day noong Pebrero 1, 2023 sa pangunguna ng Imus City Public Library.



Binasa ni Ms. Annaliza Q. Aviles, School Librarian mula sa Gov. Ferrer Memorial Integrated National High School, ang mga kuwentong "Tippity Top Super Top" ni Joy Ceres at "Sinemadyika" ni Lauren Macaraeg sa 50 estudyante ng Bukandala Elementary School kasama ang ilan sa kanilang mga guro.

Kinumusta at pinaalalahanan din nina City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan at City Administrator Hertito Monzon ang mga kabataan na pahalagahan ang pagbabasa at pagbabahagi ng mga kuwento dahil ito ay isa sa mga paraan upang mahubog at mapanatili ang kanilang kaalaman, pananaw, at pagkamalikhain.

Ang taunang World Read Aloud Day ay bunga ng mungkahi ng LitWorld na nagtataguyod ng karunungang bumasa't sumulat bilang pundasyon ng karapatang pantao sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng mga kuwento mula sa mga libro.



# INAGURASYON NG ST. JOSEPH THE WORKER CHURCH

IMUS, Cavite — Pinasinayaan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula kasama ang kaniyang buong pamilya ang opisyal na pagbubukas ng St. Joseph the Worker Church, ang simbahang ipinagkaloob nila sa Diyosesis ng Imus nitong Pebrero 12, 2023. Pinangunahan nina His Eminence Jose F. Cardinal Advíncula Jr. D. D. at Most Rev. Reynaldo G. Evangelista, D. D. ang pagbabasbas at ang kauna-unahang banal na misa rito.



## PAGDALO NI MAYOR AA SA IKA-100 ANIBERSARYO NG IMUS INSTITUTE

IMUS GRANDSTAND AND TRACK OVAL — Bilang alumnus, dinaluhan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 100th Grand Alumni Homecoming ng Imus Institute noong Pebrero 4, 2023 na bahagi rin ng pagdiriwang ng ika-100 anibersaryo ng nasabing paaralan. Nakatanggap din si Mayor AA ng isang parangal bilang pagkilala sa kaniyang kahanga-hangang kontribusyon para sa bayan.


## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette


**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
CTDO

IMUS CIO
CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center, Imus Boulevard, Malagasang I-G, City of Imus, Cavite

## PAKIKIPAGPULONG NI MAYOR AA SA DHSUD

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, nagkaroon ng isang Memorandum of Understanding ang Pamahalaang Lungsod ng Imus at ang Department of Human Settlement and Urban Development (DHSUD) na pinangungunahan ni Secretary Jose Rizalino Acuzar nitong Pebrero 20, 2023, bilang paghahanda sa nalalapit na pagpapatayo ng proyektong pabahay na AAruga Residences.